INIHAHANDOG

# ANG SIRKO NG BUHAY!

Makipagsapalaran kasama si Hesus

## AKLAT NG GURO

# ANG SIRKO NG BUHAY!

Araw-araw, sa malalaki at maliliit na paraan, gumigising tayo at nagpapatuloy sa di-nalalaman. Sinisilaw tayo ng takot natin gaya ng 3-singsing na sirko, binabantaan tayong maging paralisado at isuko na ang mga pangarap natin.

Ngunit may kamangha-manghang plano ang Diyos para sa atin, kung magiging laan lang tayong humakbang sa sirkong ito na tinatatawag na BUHAY at makipagsapalaran.

Binigyan tayo ni Hesus ng sukdulang halimbawa ng pagtaya ng lahat nang namatay Siya sa krus.

Hahayaan mo bang pigilan ka ng takot mo? O matapang kang hahakbang kasama Ko sa sirkong ito na tinatawag na BUHAY?

*"Huwag kang matakot, sapagkat Ako'y kasama mo; huwag kang mabalisa, sapagkat Ako'y Diyos mo. Aking palalakasin ka, oo, ikaw ay Aking tutulungan; oo, ikaw ay Aking aalalayan ng kanang kamay ng aking katuwiran."*
*Isaias 41:10*

*Kristina Krauss and Staff "Equip & Grow – Children are Important"*



Equip & Grow
Ang Kabataan ay Mahalag




# PANGKALAHATANG PANANAW

SUBENIR | AKROBATIKO


## TEMA 1

**Maging Masaya Lang!**
**Linggo ng Palaspas, Lucas 19:28-44**
**Takot: Takot ng kakulangan**

## TEMA 2


**Gawin mo Lang ito!**
**Itinatwa ni Pedro si Hesus nang 3 beses, Lucas 22:34, 54-62**
**Takot: Takot sa kabiguan o kamalian.**

## TEMA 3


**Maging Totoo sa Sarili!**
**Inamin ni Hesus sa harap ni Pilato na Diyos Siya, Lucas 23:1-4, 13-16**
**Takot: Takot sa pagiging tapat o mahina**






## TEMA 4

**Magtiwala Lang!**
**Pagkamatay ni Hesus sa Krus, Lucas 23:26-49**
**Takot: Takot sa karamdaman o sakit.**





## TEMA 5


**UMIBIG Lang!**
**Bumangon si Hesus mula sa patay!,**
**Lukas 24:1-12, 36-42**
**Takot: Takot sa pagtanggi at pagiging mag-isa.**


## GAWIN MO LANG ITO / MUNTING TAGAPALABAS











## ISASAULO

Isaulo:
Mga Kawikaan 15:13
" Ang masayang puso ay nagpapasaya ng mukha: nguni't sa kapanglawan ng puso ay nababagbag ang diwa."

Isaulo:
Mga Kawikaan 30:5
" Bawa't salita ng Dios ay subok: siya'y kalasag sa kanila, na nanganganlong sa kaniya."


Isaulo:
Isaias 43:4b
" kaya't magbibigay ako ng mga tao na pinakatubos sa iyo, at ng mga bayan na pinakatubos sa iyong buhay."


Isaulo:
Mga Awit 118:8
" Lalong mabuti ang manganlong sa Panginoon kay sa maglagak ng tiwala sa tao."


Isaulo:
Juan 15:13 " Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan."

## MGA PALAISIPAN











# PAANO GAMITIN ANG MATERYAL NA ITO

## DIREKTOR

Bilang direktor, ang pangunahin mong gawain ay patakbuhin ang palabas na "Ang Sirko ng Buhay." Gamit ang lahat ng nagboluntaryo sa programming at koordinasyon at mga materyal, wala ka nang panahong isagawa ang iba pang gawain sa Programa. Kumuha ka ng mga magboboluntaryo at iatas ang iba't ibang piraso ng programa sa mga kasama sa iglesia. Itataas nito ang kasabikan sa programa at tutulong sa mga kasamang maabot ang mga bata.

## PAGREKRUT

Magrekrut ng mas maraming makakaya mula sa iglesia. Huwag humingi ng panlahat na tulong sa Programang "Ang Sirko ng Buhay," kausapin ang bawat isa nang direkta at humingi ng tulong sa isang bagay na tiyak. Maaaring may isang tao sa iglesia na takot magturo, ngunit masayang tumulong sa mga bata sa mga gawaing-kamay..

Narito ang mga mungkahing gampanin (10+ na tao):

• Master of ceremonies – maaaring ang direktor
• 2 or 3 aktor para sa dramang seksyon na "Likod ng Entablado".
• Lider sa Musika ng seksyong "Tilamsik ng Ligaya" upang magturo ng mga awiting may kilos para sa mga bata.
• Guro para sa pangunahing leksyong "Simulan na ang Palabas" kasama ang lahat ng bata (maaaring ang direktor)
• Istasyong guro sa klase para sa mga aklat pambata.
• Guro para sa diskusyon kasama ang mga nakatatandang mag-aaral.
• Lider ng gawaing "Mga Subenir"
• Lider sa larong "Mga Akrobatiko", "Munting Tagapalabas", "Gawin mo Lang Ito", kasama ang marami pang tao, maaari magkaroon ng isa o higit pang tutulong na para sa mga nakababatang mag-aaral, pagpapagana ng
audiovisual equipment, pagtuturo ng musika o mga tumutulong sa kada istasyon, at iba pa.

## PAGSASANAY

Napakahalaga ng bahaging ito para sa lahat ng sangkot sa programa, alalahaning pahalagahan ang oras, yamang kapwa ang full-time staff at ang mga nagboluntaryo ay abala, kaya gumawa ng isang simple ngunit epektibong plano, petsa ng pagdalo sa online training na "Ang Circo de la Vida", pagbibigay ng mga atas at gagamitin. Alalahaning suriin ang checklist ng plano upang tulungan ka at pukawin silang magsanay sa kaalaman sa Biblia, karanasan sa pagtuturo at mga kakayahan tutulong na pasakdalin ang kanilang sarili sa napakagandang ministeryong ito.

## MGA IMBITASYON AT REHISTRASYON

Ang isang programa sa Easter ay isang pagkakataong mag-ebanghelyo. Isiping isang araw ay sasabihin sa iyo ng isang taong sinusunod nila si Hesus dahil sa programa mo noong Easter! Huwag limitahan ang programa mo sa mga bata sa mga iglesia. Lumikha ng promosyonal na materyal at sabihan ang mga batang imbitahan ang kanilang mga kaklase at maghandog ng mga premyo sa mga batang nakapagdala ng kanilang kaibigan sa

programa sa Easter. Kung maniningil ka ng kaunting entrance fee sa programa mo, imbitahan ang mga magulang na magbigay ng scholarship sa mga kaibigan ng kanilang anak upang makilala rin nila si Hesus.

Gumawa ng rehistro nang maaga upang makalkula kung ilang bata ang dadalo sa programa mo sa Easter "Ang Sirko ng Buhay" upang maihanda mo ang kakailanganing materyal.

## ISKEDYUL

Magkakatulad lang sa 5 araw, tandaan lang na nagkakaiba ang mga gawain. Maging malayang baguhin ang iskedyul kung kailangan. Simulan ang araw na magkakasama lahat ng mag-aaral.

• Panalangin

• Tilamsik ng Ligaya/ Mga Icebreaker

• Likod ng Entablado (Drama)

• Simula ng Palabas (Ipakilala ang paksa)

• Iminumungkahi naming gumawa ng mga cheer na may kilos sa pagitan ng "Likod ng Entablado" (drama) at "Simula ng Palabas" (pangunahing leksyon) upang magkaroon ang mga bata ng pagkakataong kumilos. Pagkatapos ay maaari nang hatiin ang mga bata sa mga grupo para sa mga seksyon:

• Mga Subenir o Gawang-kamay.

• Klase na may aklat ng mag-aaral

Pagkatapos ay maaaring lumahok lahat ng bata sa mga pagtatapos na gawain:

• Subukan mo / Munting Tagapalabas

• Mga Awitin (opsyonal)

• Mga Akrobatiko (mga laro)

Tapusin ang araw sa isang mabilis na pagbalik-tanaw at panalangin.

## MGA ISTASYON

Ang "Mga Istasyon ng Pag-ikot" ay paraan upang maisaayos ang iyong Programang "Ang Sirko ng Buhay" upang hindi mo na kailanganin ng maraming materyal gaya ng pandikit, lapis, atbp. at upang hindi gawin ng sabay-sabay ng mga bata ang gawain. Hatiin ang mga bata sa 3 o higit pang grupo at irekomendang ipaikot nila ang mga gawain. Halimbawa, hilingin sa mga klaseng Advanced at Mahirap na gamitin ang mga aklat ng mag-aaral habang ginagawa ng klaseng Katamtaman ang mga gawain sa istasyong "Likod ng Entablado" at ginagawa naman ng klaseng Madali ang "Mga Subenir" na gawaing-kamay. Bawat istasyon ay dinisenyo na gawin sa pagitan ng 15 – 20 minuto. Kinokontrol ng direktor o sinumang naitalaga na subaybayan ang mga istasyon ang oras at inaanunsyo kung oras nang magpalit. Maaari mong gamitin ang isa sa mga awiting kasama sa programa upang hudyatan ang pagpapalit. Kung kaya ng lugar, isagawa ang parehong gawain sa parehong lugar at hayaang umikot ang mga bata gaya ng tinagubilin. Bibigyan nito ang mga bata ng panahong tumayo at kumilos. Kung walang sapat na espasyo, panatilihin na lang ang mga bata sa parehong lugar, ngunit ibahin ang gawain nila. Hayaan silang tumayo at mag-unat o magpalitan ng upuan sa pagitan ng mga gawain upang mabigyan sila ng pagkakataong kumilos.

## SIMULAN ANG PALABAS (KLASE)

Sa bahaging ito ay ibibigay ang leksyon nang may mensahe para sa buhay ng mga mag-aaral.

## AKLAT NG MAG-AARAL

Mga Palaisipan

Sa istasyong ito, nagsasaya ang mga bata sa mga palaisipan sa aklat ng mga mag-aaral. Dinisenyo ang mga aklat namin para sa mga sumusunod na edad:

Madali - 4-6 taon

Katamtaman - 7-9 taon

Mahirap - 10-12 taon

Advanced - 13+ taon

## MGA TANONG SA DISKUSYON

Habang tumatanda ang mga bata, nakikita nila ang pagkakumplikado ng buhay at maaaring mahirapang iaplay ang mga natututunan nila sa mga kuwentong Biblia sa kanilang sariling buhay. Sa dahilang ito, naghanda kami ng seksyon ng tanong at sagot upang magabayan ang mga nakatatandang mag-aaral sa ilang tanong at gawing tunay ang leksyon sa kanila. Hindi dapat sabihin agad ang mga halimbawang sagot, hayaan mag-isip ang mga mag-aaral upang mas matandaan nila ang kanilang natutunan. Minsan ay hindi na ibibigay ang sagot. Mainam na gabayan ang kanilang diskusyon upang sila mismo ang gagawa ng kanilang konklusyon. Hikayatin silang mag-isip hinggil sa mga aplikasyon sa buhay ngayon, hindi lamang batay sa mga historikong biblikal na katotohanan. Linangin ang atmospero ng pagtitiwala sa klase mo upang maging panatag ang mga mag-aaral na isalita ang saloobin nila nang walang takot ng pagkakamali. Lalago sila at gugulang nang higit kung sasagutan nila ang mga tanong nang personal at tapat.

Sa programang ito, gumawa kami ng iba't ibang icebreaker upang pasiglahina ng mga bata sa kada edad. May mga lohikal, sekwensyal at analitikal na icebreaker na nakalaan. Inirerekomenda naming aralin sila bago simulan ang programa.

## MGA TILAMSIK NG LIGAYA

Ang mga bata ay nakakamanghang tagatanggap ng lahat ng uri ng pampasigla, at musika ang isa sa pinakamalakas. Kaya, makapagbibigay ng malakas na positibong impluwensya ang musika sa kanila kung gagamitin ng tama. Iwasang gamitin ito bilang obligasyon at alamin kung paano gamitin ang naaakma sa bawat sandali. Nagbibigay ito ng emosyonal na seguridad, nagpapatibay ng pagkatuto, tumutulong sa konsentrasyon, at tumutulong sa pagpapahayag ng sarili.

## LIKOD NG ENTABLADO (DRAMA/DULA)

Isinulat ang mga maikling palabas upang ipakilala ang leksyon ng araw, totoong nakakatuwang manood ng drama at pinagninilay rin tayo nito. Habang tumatawa o inaanalisa ng mga bata ang bawat dula, natututo na sila! Mainam na magkaroon ng mga palamuti sa mga dula niyo upang tulungan ang imahinasyon ng mga bata.

Isaalang-alang na ang mga bata ay may tagal ng atensyon na 8 minuto, depende sa edad, (mga 1 minuto kada edad). Tapusin ang drama sa loob ng ganong panahon at maghihintay sila ng mga drama buong 7ingo. At huwag kalimutang magsaya!

## MGA SUBENIR (GAWANG-KAMAY)

Matutuwa ang mga bata sa oras ng Gawang-may dahil guguhit sila at gagawa ng mga bagong bagay. Dinisenyo ang bawat gawain para sa mga batang musmos pa o may edad na; magagamit ito ng lahat at masaya silang gawin ito at bigyan ng personal na ugnayan.

## MGA AKROBATIKO (LARO)

Hindi makukumpleto ang programa kung walang laro! Makikita mo sa seksyong ito ang mga kagila-gilalas na laro, kung saan masasabik ang mga bata at matutuwa nang husto. Madadalian ka ring isagawa ang mga laro. Simple lang ang mga gagamitin, mura at madaling makuha. Matatamasa nila ang mga masasayang karanasan sa kamangha-manghang programang ito na "Ang Sirko ng Buhay".

## SUBUKAN MO

Dapat may mga trick din sa kamangha-manghang programang ito. Ang "Subukan Mo" ay isang seksyon kung saan malilibang at mamamangha ang mga bata. Espesyal na nakatuon sa mga guro, may pagkakataon silang pasiglahin ang paligid sa pamamagitan ng simple ngunit nakakahangang mga trick. Mahalaga ang mga optikal na ilusyon ay mahalaga sa seksyong ito, kung saan huhuliin nila ang atensyon ng mga manonood gamit ang mga nakatutuwa at nakagugulat na mga palabas na ito. Siguruhin lang na sanayin ang bawat opsyon na ibibigay namin sa inyo bago ito ipalabas.

## MUNTING TAGAPALABAS

Isa itong seksyon kung saan isasagawa ng mga bata ang kanilang kakayahan. Mainam din itong pagkakataon upang matuto ng mga bagong kakayahan na hindi nila alam na taglay nila. Gumgagamit ang "Munting Tagapalabas" ng dalawang paborito ng mga bata, laro at imahinasyon – dalawang mahalagang haligi sa proseso ng pagkatuto. Matututo rin ang mga batang sa pagsunod ng mga panuntunan ng gawain ay makakamit nila ang mga layuning ipinanukala. Ang Munting Tagapalabas ay isang mainam na pagkakataon upang matutong makiisa at gumawa nang isang koponan upang mapalakas ang mga kakayahang pangmotor na may kaunting katuwaan.

## TAKDANG-ARALIN

Nais naming pukawin ang mga bata at kanilang magulang na suriin sa bahay kung ano ang natutunan nila sa araw na iyon, kaya iminumungkahi naming magsalitan sa pagbabahagi ng napag-usapan sa bahay.

Ang pagsasagawang ito, dagdag sa pagpapalakas ng ugnayan ng pagmamahal, ay tutulong sa kanilang pagbutihin ang mga paraan ng pagpapahayag ng kanilang sarili.

# 1 MAGING MASAYA LANG!

## Takot: Takot ng kakulangan

### ICE BREAKER

*Mga Tauhan sa Biblia*

Ang mga bata na dumadalo sa pambakasyong paaralan ng Biblia ay madalas na nakakarinig ng maraming mga kuwento tungkol sa Biblia.
Ang isang ideya ay ang maglaro ng mga charade na may mga tauhan mula sa Biblia; ang isa sa mga bata ay gaganap ng isang tauhan habang manghuhula ang iba. Pagkatapos mong pumili ng isang bagong gaganap, magpatuloy hanggang sa matapos ang oras.
Ang iba pa ay ang paglalagay ng kard na may pangalan ng isang biblikal na tauhansa likuran ng bawat bata pagdating nila.
Dapat basahin ng mga bata ang mga kard nang hindi isinisiwalat ang kanilang pagkakakilanlan. Ang bawat bata ay dapat magtanong ng "oo o hindi" na mga katanungan upang hulaan kung aling tauhan ang mayroon sila sa kanilang likuran.

### LIKOD NG ENTABLADO

Gumagawa ang payaso ng mga mahika at kalaunan ay tatawag sa kaibigan niya, ang lumalakad sa lubid. Ibinahagi niyang pakiramdam niya ay hindi siya sapat at kailangang magpalabas araw-araw upang makuha ang atensyon ng tao at upang gumanda ang araw niya. Dumaan ang tagaamo ng leon, at nakita siya ng payaso at nagtaka kung sino siya.

### SIMULAN ANG PALABAS

Linggo ng Palaspas, Lucas 19:28-44
- Takot ng kakulangan-

Sinasalot ang marami sa atin ng kabalisahan. Minsan ay natatakot tayong kulang ang pagkain natin at nag-aalalang magutom. Maaring natatakam tayo sa mamahaling pagkain sa restawran o sumasakit ang tiyan natin dahil hindi tayo nakakain ng dalawang beses kahapon. Minsan ang damdamin natin ng kakulangan ay dahil sa social media. Nakikita natin ang Facebook o Instagram account ng iba, at nakikita natin ang kanilang ngiti sa pampang at mukhang masaya ang pamilya nila. Mukhang mas

mainam ang mga larawan ng iglesia nila sa ating iglesia. Nagtataka tayo kung bakit hindi kasingsaya ng mga larawang yaon sa Whatsapp ang pamilya natin. Maaaring natatakot tayong pumasok sa paaralan at walang tamang damit. Minsan hindi batay sa mga bagay ang takot natin, pero hindi tayo masaya sa mga kaibigan natin sa paaralan. Gusto nating maging kilala pa. Gayundin ang nararamdaman ng payasong nakilala natin ngayon, laging kailangang magpasiklab gamit ang mga mahika upang pasayahin ang mga tao. Nakararamdam siya ng presyon na libangin ang mga tao ng mga trick niya. Minsan ay tila malayo ang mismo nating kasiyahan, ngunit hindi ito ganoon kalayong gaya ng iniisip natin. Posible talagang sabihing "Maging Masaya Lang!"

Nais ng Diyos na maging masaya tayo sa kung anong mayroon tayo. Naranasan ni Hesus ang lahat ng takot na gaya natin noong nasa lupa Siya. Matapos ang tatlong taon kasama ang mga apostol Niya, alam ni Hesus na sa loob lang ng isang linggo ay babayaran na Niya ang sukdulang sakripisyo para sa ating lahat. Ito ay noong tinanggap Niya ang parusa sa ating masamang ugali. Sa simula ng huling linggong iyon sa lupa, pumasok Siya sa Herusalem, nalalaman ang sakit na naghihintay sa Kanya.

Marahil ay nais ng mga disipulong sumakay Siya pa-Herusalem sa isang malaking kabayo, na may malaking hukbong kasama Niya, na papalit bilang bagong hari ng mga Hudyo. Marahil ay naramdaman ni Hesus ang presyong galing sa mga tao sa paligid Niya. Ang isang tunay na hari ay may maluwalhating Facebook page at maharlikang balabal na tumatakip sa isang maluwalhating maharlikang kabayo at karwahe. Ngunit sa halip na dumating sakay ang malaking kabayo na may kasamang malaking parada, nagpa-Herusalem Siya sakay ang isang asno! Lumibot Siya sa bayang sakay ang isang maliit na hayop at walang hukbo.
Gayupaman ay binigyan pa rin Siya ng mga tao ng parada, itinatapon ang mga dahon ng palaspas o kanilang mga balabal sa daanan Niya. Nagsisisigaw sila sa pagdiriwang sa pagpasok Niya sa Herusalem. Alam Niyang isa itong malaking pagdiriwang, ngunit hindi ito makita ng mga tao. Hindi nila makitang dumating talaga Siya upang iligtas sila at makaranas ng isang tunay na kaligayahan at kasiyahan sa buhay.

Maaaring magpalabas nang mainam ang payaso gamit ang mahika, ngunit hindi niya mapapahalakhak ang mga tao. Mabibigyan niya lang sila ng pagkakataong humalakhak. Binibigyan din tayo ng Diyos ng pagkakataong humalakhak at maging masaya sa buhay natin kung makikipagsapalaran tayo ngayon. Ihihinto mo bang ihambing ang buhay mo sa iba at tanggapin ang ligaya? Isasantabi mo ba ang mga takot mo ng kakulangan at tatamasahin ang mayroon ka? Wala sa atin ang may perpektong buhay. Ngunit maaari tayong lahat na "Maging masaya lang" sa buhay na mayroon tayo!

## ISASAULO

Mga Kawikaan 15:13 " Ang masayang puso ay nagpapasaya ng mukha: nguni't sa kapanglawan ng puso ay nababagbag ang diwa."

## MGA SUBENIR

### _Tagpo_




Materyales
- Template ng entablado (1 pahina kada bata)
- Krayola o mga kulay
- pandikit o tape
- Gunting

Mga Tagubilin:
1. Alisin o gupitin kada bahagi ng temlate.
2. Kulayan ang mga piraso ng temlate.
3. Sa putul-putol na guhit, itupi ang ibaba ng mga senyas
4. Idikit sila upang tumibay.

5. Ikalat sila sa entablado.

6. Sa entablado kasama ang lahat ng karakter!


Ang kopya ng larawan ay nasa dulo ng paksa..

## SUBUKAN MO NAMAN

Isa sa mga palabas na kumukuha ng atensyon sa Ang Sirko ay mga trick. Siguradong minsan na tayong nasurpresa sa mga kakayahan ng mga taong gumagawa ng ganoon.

Sa programang ito ay nais naming ikaw ang taong gugulat sa mga dadalo. Kaya dapat ensayuhin mo ang mga trick na mungkahi namin dito, malaya mo silang gamitin o gumawa ng naiiba pa.

### _Magnetikong Lapis_




Pahangain ang mga bata sa pamamagitan ng pagpapaniwala sa kanila na nakakamagnet sa kamay mo. Ang paunang trick ay ipapakita mo ang likod ng palad mo sa publiko at gamit ang hintuturo ng kabilang kamay ay iipitin mo ang lapis, sa paraang

humahawak nang mahigpit ang iba pang daliri upang maniwala silang ginagalingan mo nang husto


Ang isa pang bahagi ng trick ay ang paglalagay ng isang patpat sa strap ng relo mo at ipitin ang lapis upang hindi mahulog.





## MGA AKROBATIKO

<u>*Ang maluwag na tali*</u>



<u>*Materyales:*</u>

- Tape, plastik, o chalk
- Orasan o stopwatch

Mga Tagubilin:

- Magmarka o gumuhit ng linyang 5 metro ang haba
- Hatiin nang pantay ang grupo
- Dapat makatalon ang mga bata nang isang paa sa markang linya nang hindi ito iniiwan, pabalik-balik; sinumang mawala sa linya ay babalik sa simula.
- Bawat bata ay may 3 pagkakataong gawin ito. Kung nagkamali siya sa ikatlong beses ay babalik siya sa dulo ng linya at 10 segundo ang dadagdag sa oras
- Ang koponang makatatapos ang lahat ng miyembro sa gawain nang pinakamabilis ang panalo.

*Para sa ibang bata, ginawa ang modipikasyong ito. Gumuhit ng maliit na maze. Nakapiring ang bawat kalahok at dapat alalayan ng kanyang koponan upang matapos ang maze.*

## SA BAHAY

<u>*Munting Treatro*</u>



Nais nating hikayating ang mga bata at kanilang magulang na muling balikan sa kanilang tahanan ang natutunan nila sa araw na iyon, kaya mungkahi naming magkaroon ng ilang minuto nang magkakasama ang pamilya at magbahaginan.



<u>*Materyales:*</u>


- Kahon ng cereal
- de-kulay na papel
- gunting at pandikit o tape


Mga Tagubilin:


- Gupitin ang kahon sa isang malapad na gilid, upang mag-iwan ng espasyo bilang entablado
- Palamutian ng de-kulay na papel ayon sa ninanais
- Gamit ang papel, gumawa ng 2 karakter na gagamitin bilang papet sa daliri o sa patpat.


Ang ideya ay ang isagawa ang kwentong natutunan sa araw na iyon upang bilang pamilya ay makapag-improvise ng mga karakter.

# AKLAT NG MAG-AARAL







# MGA TANONG AT SAGOT

1.- Naging malungkot ka na ba sa ginawa ng Diyos?

Oo, maraming beses ay hindi tayo masaya sa kung anong meron tayo, halimbawa, at nanghihina ang pananampalataya natin. Gayunpaman, kapag naunawaan nating perpekto ang mga plano ng Diyos, may mga bagay na hindi natin maunawaan bilang mga tao. Hayaan nating gumawa ang Panginoon sa atin, pagkatapos ay matatamasa natin bawat detalye ng buhay. Isaias 55: 9

2.- Nagreklamo ka na ba sa Diyos sa mga mahihirap na sitwasyon?

Oo, hindi lang tayo minsan malungkot sa mga nangyayari, nagrereklamo pa tayo sa Diyos. Malaki ang kinalaman ng mga ganoong sitwasyon sa ating mga desisyon at ugali, gayunpaman, niyayakap tayo ng Diyos sa gayong mga mahihirap na sandali ng buhay. Nalalaman nating Siya lang ang makapagbibigay sa atin ng kapayapaan at kasiyahan.Roma 5: 1


3.-Kung nilampasan ka ni Hesus at napansin ang mga himala Niya, gaya ng pagpapagaling sa mga tao mula sa COVID-19 o ibang sakit, ano ang magiging reaksyon mo?

Marahil sa una, makararamdam tayo ng maraming emosyon, nakikita ang mga hiwagang ginagawa ng Diyos sa mga tao, o marahil matatakot tayo o mananahimik na lang. Anuman ang mangyari, matututo tayong sumunod sa Kanya at maging saksi sa lahat ng ginagawa ni Hesus o gagawin para sa atin. Mateo 16:24















Pahina ng Kopya

# 2 GAWIN MO LANG ITO!

## Takot: Takot na magkamali.

### ICE BREAKER

*Paghaluin at makipagkita*

Maghanda ng mga marmol, piraso ng kahoy o papel na may iba't ibang kulay.
Hayaan ang bawat bata na kumuha ng maraming (o kung ano ang mayroon ka magagamit).
Magtalaga ng iba't ibang kahulugan sa bawat kulay, halimbawa:
Asul: pamilya.
Berde: paaralan.
Dilaw: mga kaibigan.
Pula: mga libangan.
Kayumanggi: musika / pelikula.
Ang bilang ng mga bagay na mayroon sila sa kanilang mga kamay ang magtutukoy kung gaano karaming mga sitwasyon ang dapat nilang bilangin. Halimbawa, kung mayroon silang dalawang dilaw, kailangan nilang magbahagi ng dalawang katotohanan sa mga kaibigan.

### LIKOD NG ENTABLADO

Tumanggap ng leksyon ang payaso mula sa kaibigan niya, ang lumalakad sa lubid. Sinubukan niyang tumapak sa lubid, ngunit labis siyang natatakot. Natatakot siyang mahulog sa lubid, kaya ayaw niya nang sumubok. Sinubukang siyang kumbinsihin ng kaibigan niya na may lubid sa ibabang sasalo sa kanya, ngunit lagi siyang may naiisip na nakakatakot at di-realistikong bagay na mangyayari sa kanya kapag tumawid siya sa lubid. Pipigilan ba siya ng takot na mabigo na sumubok? Dumaan muli ang Tagaamo ng leon, at sinabi ng payasong nais niyang makipagkaibigan sa kanya.

### SIMULAN ANG PALABAS!

Ipinagkanulo ni Pedro si Hesus nang 3 beses, Lucas 22:34, 54-62
-Takot na mabigo o magkamali-

Hinaharap natin araw-araw ang takot na sumubok o mabigo. Takot tayong magkamali. Ano ang sasabihin ng mga tao? Madarapa ba tayo at mapuputikan sa mukha? Mapagtatagumpayan natin

minsan ang takot na ito at magpapatuloy na sumubok ng bagong bagay! Maaari pa tayong matuwa at malamang mahusay tayo rito! O maaaring hindi tayo mahusay rito at magpasyang huminto. Ngunit ang mga pagpipilian natin sa buhay ay labis na mababawasan kapag pinigilan tayo ng takot sa pagkabigo sa pagsubok ng mga bagay-bagay.

Katulad ng kaibigan nating payaso na hindi man lang gustong tumapak sa lubid. Hindi niya alam kung mahusay ba siya rito o hindi. Hindi siya laang "Gawin lang ito!"

Hinihikayat tayo ni Hesus na humakbang at sumubok. Isang araw ay sinabi Niya kay Pedrong humakbang palabas ng bangka at lumakad sa tubig! Sinubukan ito ni Pedro, ngunit nabigo siya, at lumubog sa tubig. Huwag mag-alala, hindi siya nalunod, niligtas siya ni Hesus. Masaya si Hesus na

siya ang isang disipulong laang umalis sa bangka. Sa kwento sa Biblia ngayong araw, laan muli sa Pedrong isantabi ang kanyang takot at handang sumubok. Sinabi niya kay Hesus sa huling hapunan,

"Panginoon, handa akong sumama sa Iyo sa kulungan at sa kamatayan!". Akala ni Pedro ay matapang na siya. Alam ni Hesus na mabibigo o magkakamali si Pedro. Ngayon naman ay magpapanggap siyang hindi niya kilala si Hesus sa halip na maging matapang. Sinabi ni Hesus kay Pedro, "Bago tumilaok ang manok ngayon, ipagkakanulo mo Ako nang tatlong beses." Ngunit alam din ni Hesus na sa hinaharap ay magiging matapang si Pedro at tatayo para sa kanyang pananampalataya!

Matapos maaresto si Hesus, sumunod si Pedro sa 'di kalayuan upang tumingin. Naupo siya malapit sa apoy kung saan nakaumpok ang ibang tao, at nag-uusap sila hinggil kay Hesus. Nakita ng isang aliping babae si Pedro at sinabi, "Kasama ka rin nila!" sinasabing nakita niya si Pedrong kasama ni Hesus. Sabi ni Pedro, "Hindi ko Siya kilala!" (Na isang kasinungalingan.) Matapos ipagkanulo ni Pedro si Hesus nang 3 beses, tumilaok ang manok.

Bagama't nagkamali ngayon si Pedro, mainam na sinubukan pa rin ni Pedro. Minsan ay matapang siya at natamo ang maraming tao tungo kay Hesus. Naging matatag na disipulo si Pedro at isang lider ng unang iglesia. Hindi dapat ito mangyayari kung kagaya si Pedro ng payaso ngayon, na ayaw sumubok.

Mahirap sa iyo at sa aking sumubok ng bagong bagay dahil maraming beses ay takot tayong mabigo. Ayaw nating mapagtawanan sa pagkakamali. Subalit ginagawa nitong nakakabagot at malungkot ang buhay natin. Dapat lang tayong humakbang at sumubok ng mga bagong bagay, bagama't hindi tayo magiging magaling sa lahat ng bagay, at magkakamali minsan, gaya ni Pedro. Handa ka bang balewalain ang takot sa pagkabigo at "Gawin lang ito?"

## ISASAULO

Mga Kawikaan 30:5 " Bawa't salita ng Dios ay subok: siya'y kalasag sa kanila, na nanganganlong sa kaniya."

## MGA AKROBATIKO

Balakid: Hoop



*Materyales:*

- Isang hoop
- Opsyonal: Mga palamuti ng hoop upang magmistula itong umaapoy

Mga Tagubilin:

- Papilahin ang mga bata at patalunin sa hoop hoop single file
- Sa unang pagsuot, nakatayo ang hoop sa sahig
- Pataasin ang hoop kada pagsuot nila
- Makaiipon sila ng puntos sa bawat antas na magawa nila

Isang kaibhang pwede sa nakatatanda ay patalunin sila gamit ang isang paa sa pagsuot sa hoop, mag-ingat lang upang maiwasan ang sakuna.

## SUBUKAN MO

*Pagpapalit ng damit*




Habang naglalakad, magpalit ka ng damit sa harap ng lahat. Ang trick ay magsuot ka ng tatlong damit, isang T shirt, isang open shirt, at isa pang T shirt. Padaanin sa ibabaw ng ulo ang ibabaw na damit at irolyo sa ilalim ng batok ng open shirt.

Ang trick ay ginagawa pagkatalikod mo sa publiko. Pagkatapos ay, "hubarin" mo ang ibabaw na damit at ipalibot sa leeg, tinatago ito sa kuwelyo ng open shirt. Sorpresa! May suot ka nang ibang damit. Mas mainam na magkakaiba ang kulay ng damit.

*Tandaan na mag-ensayo nang ilang ulit bago ito gawin sa publiko.*

## MGA SUBENIR

*Tsapa*

Materyales:

- Templat ng tsapa
- Medalya (1 kada bata).
- Curly ribbon 1 metro (1 kada bata).
- 20 beads kada bata.
- Opsyonal: krayola, lapis o marker.




Mga Tagubilin:


1. Ihiwalay o gupitin ang bawat piraso ng template.

2. Kulayan ang tsapa.
3. Ipasok ang curly ribbon sa mga markang butas.
4. Ipasok ang mga bead sa bawat gilid ng curl.
5. Itali at isabit ang medalya sa leeg mo.

Ang kopya ay nasa dulo ng paksa.

# MGA AKLAT NG MAG-AARAL


| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | X | N | N | A | K | U | B | U | S |
| A | B | Q | K | F | M | S | T | L | V |
| G | B | A | S | A | G | A | U | T | N |
| B | D | Y | A | E | N | T | B | A | G |
| I | O | I | G | J | X | G | I | K | O |
| G | F | L | J | O | R | I | G | O | B |
| O | S | B | W | Y | K | L | L | T | U |
| G | N | I | X | D | B | A | M | T | L |
| V | U | B | A | N | G | K | A | F | G |
| H | E | S | U | S | C | A | Y | B | A |
| N | A | L | U | N | O | D | P | H | P |



Anong numero ang hindi nauulit? 13

Anong numero ang naulit nang tatlong beses? 10

Anong numero ang pinakanaulit? 2



3




14



5



6



## MGA TANONG AT SAGOT

1.- Natakot ka na ba at hindi ito naharap kahit na kasama mo ang Diyos?

Takot tayo minsang sabihin ang katotohanan tungkol sa isang nakakahiyang gawain, o takot tayong idamay ang kaibigan nating masasaktan sa sandaling iyon. Laging may kapalit ang mga desisyon natin, ngunit matutulungan tayo ng Diyos na unawain iyon kung lagi tayong matapang at tapat ay maaaring hindi gaanong masakit ang mga kapalit. Roma 8:37

2.- Paano mo naipagkanulo si Hesus at ano ang naramdaman mo?


Sa maraming pagkakataon ay maaari nating mabanggit si Hesus sa isang katrabaho o kaibigan, ngunit pinangungunahan tayo ng takot kaya hindi natin magawa. Sa isang paraan, yaon ay pagtatatwa sa ating pananampalataya at pagtatatwa kay Hesus. Magiging masama ang damdamin natin, o madidismaya nang matagal, dahil hindi Niya tayo kailanman itinatwa. Ngunit maaari tayong udyukan ng ganitong damdamin upang gumawa ng bagong pagkakataon na dati ay hindi natin magawa. 1 Juan 1: 9

3.- Ano ang mararamdaman mo kapag ipinagkanulo ka ng pinakamatalik mong kaibigan sa harap ng iba?

Maraming beses ay galit tayo sa kaibigang nang-iinis sa atin, ngunit kapag itinanggi niya ang pagkakaibigan niyo, maaaring maiwala na habambuhay ang pagkakaibigang iyon. Ang unang damdamin minsan ay pagkadismaya, pagkatapos ay galit at pagtanggi sa yaong ikinahihiya tayo.... Malinaw itong halimbawa ng kung gaanong pag-ibig ang taglay ni Hesus para sa atin na bagama't makasalanan tayo, binigyang-buhay tayo ng kamatayan Niya. Roma 5:8


Mga Kawikaan 30:5 " Bawa't
salita ng Dios ay subok:
siya'y kalasag sa kanila, na
nanganganlong sa kaniya."
Equip & Grow


Mga Kawikaan 30:5 " Bawa't
salita ng Dios ay subok:
siya'y kalasag sa kanila, na
nanganganlong sa kaniya."
Equip & Grow


Mga Kawikaan 30:5 " Bawa't
salita ng Dios ay subok:
siya'y kalasag sa kanila, na
nanganganlong sa kaniya."
Equip & Grow


Mga Kawikaan 30:5 " Bawa't
salita ng Dios ay subok:
siya'y kalasag sa kanila, na
nanganganlong sa kaniya."
Equip & Grow


Mga Kawikaan 30:5 " Bawa't
salita ng Dios ay subok:
siya'y kalasag sa kanila, na
nanganganlong sa kaniya."
Equip & Grow


Mga Kawikaan 30:5 " Bawa't
salita ng Dios ay subok:
siya'y kalasag sa kanila, na
nanganganlong sa kaniya."
Equip & Grow

# 3 MAGING IKAW LANG!

## Takot: Takot na maging matapat o mahina.

### ICE BREAKER

Ang mga bata, tulad ng mga may sapat na gulang, ay madalas na higit na nakatuon sa mga reklamo ng pang-araw-araw na buhay at nakakalimutang kilalanin ang maraming mga pagpapala.

Ang gawain na "bilangin ang iyong mga pagpapala" ay maaaring maghanda sa kanilang mga isipan kung bakit dapat silang magpasalamat. Ang pinakasimpleng bersyon ay ang magsimula sa isang parirala tulad ng: "Mapalad ako sa ..." o "Nagpapasalamat ako para sa ..." at habang naglalakad sa kalagitnaan ng mga bata; pumili ng isa at hilingin sa kanila na tapusin ang pangungusap. Ulitin ito sa karamihan ng mga dadalo. Magdagdag ng kasiyahan sa pamamagitan ng paghiling sa kanila na ulitin gamit ang isang boses ng langgam, boses ng oso, dahan-dahan, atbp sa ganoong paraan ay nagbibigay ka ng iba at nakakatuwang kaibhan sa sandaling ito.

Sa mas matatandang mga bata, maaari mong hilingin sa kanila na isulat ang kanilang mga pagpapala at pasasalamat sa mga piraso ng papel nang maaga upang ilagay sa maliit na mga kahon ng regalo. Itago ang mga kahon bago dumating ang mga bata; Hilingin sa kanila na hanapin ang mga kayamanang ito sa oras ng pagtanggap.

Ipunin ang mga ito at sabihin sa kanila na magpalitan sa pagbubukas ng mga pakete upang mabasa ang mga pagpapala ng kanilang mga kasama.

### LIKOD NG ENTABLADO

Pinipintahan ng payaso ang kanyang mukha gamit ang make-up na pampayaso at pagkatapos ay sinigaw sa kanyang kaibigan, ang lubid na lakaran. Ibinahagi niya ang kanyang damdamin ng pagkatakot na maging mahina. Pakiramdam niya ay dapat siyang magtago sa likod ng nagpapanggap na mukhang ito at huwag hayaang makita ng mga tao kung sino talaga siya, sapagkat paano kung hindi nila siya gusto o hindi pagtawanan ang kanyang mga biro? Nakikita ng payaso ang tagapagpaamo ng leon kasama ang ibang mga tao, tumatawa at nagsasaya at nakakaramdam ng

inggit sa kanilang pagkakaibigan. Ibinahagi niya sa mga bata sa madla na nais niyang maging kaibigan din siya ng tagapagpaamo ng leon.

## Simulan ang Palabas!

Umamin si Jesus sa harapan ni Pilato na siya ay Diyos,
Lucas 23:1-4, 13-16
-Takot na maging matapat o mahina-

Araw-araw ay nahaharap tayo sa takot na maging mahina at matapat sa ibang mga tao. Natutukso tayong itago kung sino tayp, tulad ng ibinahagi ng ating kaibigang payaso ngayon, nais nating magtago sa likod ng isang nagpapanggap na mukha. Minsan ito ay isang pekeng ngiti o nagpapanggap na nais na lumahok sa isang isport sa paaralan dahil sa palagay natin ay inaasahan ito ng lahat. Natanong ka na ba ng kumusta ka, at sinabi mong "mabuti" habang sa loob ay nasasaktan ka talaga? Natakot ka na ba na "Maging  ikaw lamang?"

Nakaharap nating lahat ang mga takot na ito at hinarap din sila ni Hesus. Sa kwentong Biblia ngayon, dinala si Hesus kay Pilato, na gobernador, at hinihiling ng mga tao na siya ay patayin! Galit na galit ang mga tao kay Hesus at inakusahan nila Siya bilang isang taong suwail na lumalabag sa batas. Ngunit ito ay mga maling paratang !!! Naakusahan ka na ba ng isang bagay na hindi mo nagawa?

Hindi ito panahon kung kailan gugustuhin ni Hesus na maging mahina. Hindi Niya gugustuhin na maging matapat sa gobernador at sabihin sa kanya kung sino Siya. Tiyak na gugustuhin Niyang itago kung sino talaga Siya. Ngunit nang sabihin ni Pilato, "Ikaw ba ang hari ng mga Judio?" Tapat na sinagot siya ni Jesus, "Ikaw ang nagsasabi nito."

Siyempre, palaging may mga oras na ayos lang na magpakita ng pekeng ngiti. May mga mapanganib na sitwasyon sa buhay kung saan dapat nating protektahan ang ating sarili. Ngunit kadalasan, mahalaga na maging tapat tayo sa iba at aminin kung sino tayo, tulad ng ginawa ni Hesus. Hindi mahalaga kung sino ang gusto ng ibang tao na maging ikaw, o kung ano ang sa tingin mo ay mga inaasahan nila sa iyo. Mas mabuti na ikaw ay maging ikaw lamang.

Minsan hindi tayo totoo sa ating mga kaibigan, at sa huli ay naiwawala natin sila. O sobrang nagpapanggap tayo na wala na tayong mga kaibigan, at tayo ay malungkot at hungkag sa loob. Ang tanging paraan lamang upang magkaroon ng tunay na mga kaibigan ay maging totoo at tapat sa kanila; ang alisin ang maskara o hugasan ang make-up pampayaso sa ating mukha. Kapag mayroon tayong tunay na matapat na pakikipag-usap, at pinag-uusapan natin ang tungkol sa malalim na isyu, iyon ay ang panahon kung kelan nakakaranas tayo ng isang pakiramdam ng pagiging kabilang. Napakasarap sa pakiramdam na maging totoo at hindi peke.

Hindi ninais ni Hesus na Siya ay mapatay, ngunit ayaw din Niyang magpanggap na isang tao na hindi Siya. Nakakatakot na ipagsapalaran ang katapatan, ngunit hahantong ito sa isang mas mainam na buhay! Handa ka bang ipagsapalaran ang iyong takot na maging mahina at "Maging Ikaw Lamang?"

## ISASAULO

Isaias 43:4b " kaya't magbibigay ako ng mga tao na pinakatubos sa iyo, at ng mga bayan na pinakatubos sa iyong buhay."

## MGA SUBENIR

*Munting Tolda ng Sirko*




Mga Kasangkapan:


- Suleras ng Tolda ng sirko
- Gunting
- Kola
- Mga krayola , lapis, o marker.

1. Gupitin ang bawat piraso ng suleras.
2. Kulayan ang loob ng bilog na magiging bubong ng sirko.
3. Gupitin ang bilog hanggang sa gitna ng minarkahang linya.
4. ikola ang parisukat sa puwang na itinuro, sinasapawan ang bahagi ng bawat korte.
5. Gumamit ng isang posporo o palito upang ilagay ang logo bilang isang watawat sa itaas ng bubong na iyong nabuo gamit ang bilog.
6. Gawin ang mga aktibidad sa parisukat.
7. Igulong ang parisukat sa isang tubo at idikit kung saan itinuro.
8. Ilagay ang bubong ng tent sa ibabaw ng tubo.
9. Tingnan ang larawan upang gabayan ka.

Ang piraso ng photocopy ay nasa dulo ng paksa.

## MGA MUNTING TAGAPALABAS

*Taga-balanse*



Isa sa mga unang gawain para sa mga bata ay ang pagtuunan ang mga motor na kasanayan sa pagbabalanse, para dito gagamit tayo ng iba't ibang mga bagay na madaling matatagpuan sa bahay tulad ng isang walis o plastik na stick at isang plastik na tasa o anumang iba pang materyal na hindi nababasag.
Sa seksyong ito, matututunan ng mga bata na mapabuti ang kanilang balanse sa iba't ibang mga aktibidad kung saan maaari nilang gamitin ang kanilang mga motor na kakayahan sa pagbalanse.
Para sa gawain na ito, ang bata ay maglalagay ng isang stick sa kanyang palad at dapat panatilihin ang kanyang balanse hangga't kaya.

Kapag nakasanayan na ng bata ang pamamaraan, magtapos sa isang mas mahirap na antas sa pamamagitan ng paggamit ng isang plastik na tasa. Ang tasa ay ilalagay sa stick ng nakataob.

Sa ganitong paraan magagawa nilang mapabuti ang kanilang kasanayan gamit ang 2 mga bagay, patungo sa pagiging isang mahusay na taga lakad sa lubid.

## MGA AKROBATIKO


*Tamaan ang dapat tamaan*

*Mga Kasangkapan*

Karton o tela na hindi transparent, 1m ang lapad at 2m ang haba
10 piraso ng papel o kung ano ang mayroon ka na binilog.

Panuto

Ang dalawang bata (isa mula sa bawat koponan) ay dapat na hawakan ang tela o karton.
Ang isang koponan ay nakatayo sa likod ng kurtina o karton, at ang isa ay pipila sa harap nito.
Ang mga bata sa likod ng kurtina ay tatayo at yuyuko nang hindi pantay.




Ang mga bata sa harap ay pupunta isa-isa upang batuhin ang kabilang koponan ng 10 papel na bola sa layo na 1.50 metro mula sa harang.
Kapag ang lahat ng mga bata sa isang koponan ay nagkaroon na ng isang pagkakataon, magpalitan.
